

ANG MGA KATOTOHANAN TUNGKOL SA MGA TEENAGER AT SA MARIJUANA.

Narito ang ilang mabuti (at nakakagulat) na balita: Pagdating sa maaasahang impormasyon tungkol sa paggamit ng marijuana at iba pang droga, umaasa ang mga teenager sa kanilang mga magulang at sa iba pang mapapagkatiwalaang adults sa kanilang buhay.

At narito pa ang ilang mas mabuting balita: **Nalalaman natin na gumagana ang pakikipag-usap sa mga teenager.** Nasa sasakyan man kayo ng iyong mga anak na teenager, kumakain, o naglalakad man kayo sa kapitbahayan, kapag pinag-usapan ninyo ng iyong anak na teenager ang paggamit ng marijuana, siya'y nakikinig.

Magkakaroon siya ng mga tanong, at batay sa iyong karanasan, alam mong kailangang masagot mo ang mga ito.

Kaya... paano nga ba nakakaapekto ang marijuana sa mga teenager?

1

Makakasama ang marijuana sa kanilang mga grado sa eskwelahan. Ang maagang paggamit ng marijuana ay maaaring makapagbago sa pagdibelop ng utak ng isang teenager, at maaari itong magkaroon ng mga pangmatagalang epekto sa memorya, pag-aaral, at kakayahang mag-isip.

2

Ang marijuana ay mas nakaka-addict para sa mga teenager kaysa sa adults. Sa Washington, ayon sa karamihan ng mga teenager na pumapasok sa drug treatment program, ang marijuana ay ang pangunahing drogang ginagamit nila.

3

Ang paggamit ng marijuana ay maaaring makaapekto sa koordinasyon at reaction time, at ito'y naugnay sa mas maraming nakakamatay na banggaan sa Washington, lalo na kapag hinaluan ng ibang substances.

4

Ang paggamit ng marijuana ay maaaring maging dahilan para sa mga kilos na hindi inaasahan at sa paggawa ng maling desisyon na maaaring makasamâ sa táong gumagamit ng marijuana at sa ibang mga tao.

5

Labag sa batas na gumamit ng marijuana ang mga táong wala pang 21-taong-gulang. Ang batas na ito ay kadalasang hindi pantay-pantay na naipapatupad, at ang pag-iwas sa paggamit ng marijuana ay makapagprotekta sa mga teenager laban sa mga pagkakasangkot sa pulis at sa criminal legal system. Kapag ang teenager ay nahúli at naging biktima ng stigma, maaari nitong maapektohan ang kanyang kakayahang makakuha ng trabaho sa darating na panahon, o makakuha ng pinansyal na tulong para sa kolehiyo.



Ngayong alam mo na ang mga katotohanan, **kausapin ang iyong anak na teenager tungkol sa mga posibleng panganib ng paggamit ng marijuana.** Linawin sa kanya ang iyong mga panuntunan at mga inaasahan. Ipaalam sa kanya na nariyan ka para sa kanya.

Para sa karagdagang impormasyon at kaalaman tungkol sa mga katotohanan, bisitahin ang **StartTalkingNow.org**. Kung nais pang makakuha ng karagdagang impormasyon ang iyong anak na teenager tungkol sa paggawa ng mga desisyong mainam para sa kalusugan, maaari niyang bisitahin ang **YouCanWA.org**.

Kung mas komportable ang iyong anak na teenager na makipag-usap sa isang táong kasing-edad niya, may kompidensyal at libreng helpline na tinatauhan ng mga teenager na binigyan ng training. Hikayatin ang iyong anak na teenager na tumawag, mag-text, o mag-chat sa **1-866-TEENLINK (833-6546)**.

Kung sa palagay mo'y may problema ang iyong anak na teenager sa paggamit ng marijuana o iba pang droga, kontakin ang kanyang doktor o tumawag sa **Washington Recovery Help Line sa 1-866-789-1511**.